

**PAGBABAWAL SA DISKRIMINASYON/ PANLILIGALIG**

Ang Lupon ng Edukasyon ay nagnanais na magbigay ng ligtas na kapaligiran sa paaralan na magbibigay-daan upang ang lahat ng mga estudyante ay magkaroon ng pantay-pantay na access at oportunidad sa mga programang pang-akademiko at iba pang programa, serbisyo, at aktibidad na may kinalaman sa pagsuporta sa edukasyon. Ipinagbabawal ng Lupon, sa anumang paaralang distrito o aktibidad sa paaralan, ang hindi makatarungang diskriminasyon, kabilang na ang panghahas, pananakot, at pang-aapi ng sinumang estudyante batay sa aktwal o nahihiwatigang kulay, ninuno, pinagmulan, nasyonalidad, etniko, pagkakakilanlan bilang isang grupo ng etniko, edad, relihiyon, pagkakaroon ng asawa o/at anak, pisikal o mental na kapansanan, kasarian, sekswalidad, katayuan sa imigrasyon, o dahil sa asosasyon sa isang o higit pang tao o grupo na napapabilang sa nabanggit na mga katangian.

Ang patakarang ito ay magagamit sa lahat ng gawain na may kinalaman sa aktibidad sa paaralan o sa pagpasok sa paaralan na nagaganap sa loob ng isang paaralang distrito at lahat ng gawaing may kinalaman sa mga aktibidad o sa pagpasok sa paaralan sa loob ng paaralang nasa ilalim ng hurisdiksyon ng Superindente. (Alituntuning Pang-edukasyon 234.1)

*(cf. 0410 – Pagbabawal sa Diskriminasyon sa mga Programa at Aktibidad ng Distrito)*

*(cf. 5131 – Pag-uugali)*

*(cf. 5131.2 - Pambubulas)*

*(cf. 5137 - Positibong Klima sa Paaralan)*

*(cf. 5145.9 – Pag-uugaling nagudyok mula sa galit)*

*(cf. 5146 – Buntis/Kasal/May Anak na mga Estudyante)*

*(cf. 6164.6 - Pagkakakilanlan at Edukasyon sa Ilalim ng Seksyon 504)*

Ang hindi makatarungang diskriminasyon, kabilang na ang panghahas, pananakot, o pambubulas, kabilang dito ang pisikal, berbal, di-berbal, o nakasulat na pag-uugali batay sa alinman sa mga categoryang nakalista sa itaas. Kabilang din sa hindi makatarungang diskriminasyon ang paglikha ng kapaligirang hindi maganda kapag ang ipinagbabawal na pag-uugali ay napakatindi, paulit-ulit, o mapanirang-puri na nakakaapekto sa kakayahan ng isang estudyante na makibahagi o makinabang sa programa o aktibidad pang-edukasyon; lumilikha ng nakakatakot, nagbabanta, o nakasasakit na kapaligiran sa edukasyon; kung nakakaapekto nang malaki o hindi makatwirang pagbalakid sa pag-aaral ng isang estudyante; o kung hindi ay mayroong masamang epekto sa mga oportunidad ng estudyante sa pag-aaral.

Kabilang din sa hindi makatarungang diskriminasyon ang pagtrato sa mga mag-aaral batay sa isa sa mga categorya sa itaas na may kinalaman sa pagkaloob ng mga oportunidad na makibahagi sa mga programa o aktibidad o ang probisyon ng mga benepisyo at serbisyong pang-edukasyon.

Ipinagbabawal din ng Lupon ang anumang uri ng paghihiganti laban sa sinumang tao na nagsampa o kung hindi man ay nakikilahok sa pagsasampa o imbestigasyon ng reklamo o ulat tungkol sa isang insidente ng diskriminasyon. Ang pagbalik ng pagsasampa ng reklamo sa nagreklamo ay iimbestigahan at malulutas sa gayon ding paraan sa mga reklamo sa diskriminasyon.

Ang superindente o ang naitalaga ay mag-aayos ng pag-access ng mga mag-aaral sa programang pang-edukasyon sa pamamagitan ng pagsasapubliko ng patakaran ng distrito at mga kaugnay na pamamaraan sa pagrereklamo sa mga estudyante, magulang/tagapag-alaga, at empleyado. Siya

ay magbibigay ng mga pagsasanay at impormasyon tungkol sa saklaw at ang gamit ng patakaran at proseso ng pagrereklamo at gumawa ng iba pang mga hakbang na dinisenyo upang mas maunawaan ng komunidad sa paaralan ang mga kinakailangang batas na may kaugnayan sa diskriminasyon.

Ang superindente o ang naitalaga ay regular na susuriin ang pagpapatupad ng mga patakaran at gawain ng distrito at, kung kinakailangan, ay aalisin ang anumang natukoy na hadlang sa pag-access o pakikilahok sa programang pang-edukasyon. Irereport niya ang kanyang mga natuklasan at rekomendasyon sa Lupon pagkatapos ng bawat pagsusuri.

*(cf. 1312.3 - Unipormeng Pamamaraan ng Pagrereklamo)*  
*(cf. 1330 - Paggamit ng mga Pasilidad)*  
*(cf. 4131 - Paglilinang ng mga Tauhan)*  
*(cf. 4231 - Paglilinang ng mga Tauhan)*  
*(cf. 4331 - Paglilinang ng mga Tauhan)*  
*(cf. 6145 – Mga Aktibidad na Ekstrakurikular at Kokurikular)*  
*(cf. 6145.2 – Kompetisyon ng mga Atleta)*  
*(cf. 6164.2 - Serbisyo sa Patnubay/ Konsultasyon)*

Ang mga estudyante na gumagawa ng hindi makatarungang diskriminasyon, kabilang ang panghahas, pananakot, paghihiganti, o pananakot, na lumalabag sa batas, patakaran ng Lupon, o administratibong regulasyon ay mapapasailalim sa angkop na kahihinatnan o disiplina, na maaaring kabilangan ng suspensyon o pagtiwalag dahil sa kanilang pag-uugaling malubha o laganap, na tinukoy sa Alituntuning Edukasyon 48900.4. Sinomang empleyado na nagpapahintulot o nakikibahagi sa ipinagbabawal na diskriminasyon, kabilang na ang hasment, pananakot, paghihiganti, o pananakot, ay mapapasailalim sa aksyon sa pagdidisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagpapaalis.

Sinomang empleyado ng paaralan na nakasaksi sa isang insidente ng hindi makatarungang diskriminasyon, kabilang na ang panghahas, pananakot, paghihiganti, o pambubulas, ay dapat na makikialam sa insidente kapag ligtas itong gawin.

*(cf. 4118 - Suspensyon/Aksyon sa Pagdidisiplina)*  
*(cf. 4119.21/4219.21/4319.21 – Propesyonal na Pamantayan)*  
*(cf. 4218 – Pagpapaalis/Suspensyon/Aksyon sa Pagdidisiplina)*  
*(cf. 5144 - Disiplina)*  
*(cf. 5144.1 - Suspensyon at Pagtiwalag/Angkop na Proseso)*  
*(cf. 5144.2 - Suspensyon at Pagtiwalag/Angkop na Proseso (Mga Mag-aaral na may mga Kapansanan))*  
*(cf. 5145.2 - Kalayaan sa Pananalita/Ekspresyon)*

*Legal na Sanggunian:*

ALITUNTUNING PANG-EDUKASYON

200-262.4 Pagbabawal sa diskriminasyon

48900.3 Suspensyon at pagtiwalag dahil sa karahasang nagudyok mula sa galit

48900.4 Suspensyon at pagtiwalag dahil sa pananakot at panghahas

48904 Pananagutan ng magulang/tagapag-alaga sa sinasadyang maling pag-uugali ng estudyante

48907 Malayang ekspresyon ng estudyante

48950 Kalayaan sa pananalita

48985 Pagsalin ng mga abiso

49020-49023 Programa para sa mga atleta

51500 Ipinagbabawal na pagtuturo at aktibidad

51501 Ipinagbabawal na paraan sa pagtuturo

60044 Ipinagbabawal na mga materyal sa pagtuturo

ALITUNTUNING SIBIL

1714.1 Pananagutan ng magulang/tagapag-alaga sa sinasadyang maling pag-uugali ng isang menor de edad

ALITUNTUNIN SA PAGPAPARUSA

422.55 Definition of hate crime

422.55 Depinisyon ng krimeng nagudyok mula sa galit

422.6 Mga krimen, panghaharas

ALITUNTUNING PANGREGULASYON, PAMAGAT 5

432 Rekord ng estudyante

4600-4687 Unipormeng proseso ng pagrereklamo

4900-4965 Nondiscrimination in elementary and secondary education programs

4900-4965 Pagbabawal sa diskriminasyon sa programang pang-edukasyon sa elementarya at sekondaryang lebel

ALITUNTUNIN NG UNITED STATES, PAMAGAT 20

1681-1688 Pamagat IX ng Susog sa Edukasyon 1972

12101-12213 Pamagat II pantay na oportunidad para sa mga taong may kapansanan

ALITUNTUNIN NG UNITED STATES, PAMAGAT 29

794 Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon 1973

ALITUNTUNIN NG UNITED STATES, PAMAGAT 42

2000d-2000e-17 Pamagat VI at Pamagat VII Batas sa Karapatang Sibil 1964, sinusugan

2000h-2-2000h-6 Pamagat IX ng Batas sa Karapatang Sibil 1964

6101-6107 Batas Laban sa Diskriminasyong Binabase sa Edad 1975

ALITUNTUNIN NG REGULASYONG PEDERAL, PAMAGAT 28

35.107 Pagbabawal sa diskriminasyong binabase sa kapansanan; mga reklamo

ALITUNTUNIN NG REGULASYONG PEDERAL, PAMAGAT 34

100.3 Pagbabawal sa diskriminasyong binabase sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa

104.7 Pagtatalaga ng responsableng empleyado para sa Seksyon 504

106.8 Pagtatalaga ng responsableng empleyado para sa Pamagat IX

106.9 Abiso sa pagbabawal sa diskriminasyong binabase sa kasarian

DESISYON NG KORTE

Donovan v. Poway Unified School District, (2008) 167 Cal.App.4th 567

Flores v. Morgan Hill Unified School District, (2003) 324 F.3d 1130

Mga Kagamitan sa Pamamahala:

PUBLIKASYON NG CSBA

Pagbibigay ng Ligtas, Hindi Nandidiskrimina na Paaralan para sa mga Estudyanteng Transgender at may Gender na 'Di Umaayon sa Inaasahan ng Lipunan, Buod ng Polisiya, Pebrero 2014

Huling Pagpapatnubay Hinggil sa mga Estudyanteng Transgender, Pagkapribado, at Mga Pasilidad, Marso 2014

Ligtas na Paaralan: Mga Estratehiya para sa mga Namamahalang Lupon upang Matiyak ang Tagumpay ng mga Estudyante, 2011

PUBLIKASYON NG SENTRO NG UNANG SUSOG

Pampublikong Paaralan at Sekswal na Oryentasyon: Balangkas ng Unang Susog para sa Paghahanap ng Karaniwang Batayan, 2006

PUBLIKASYON NG ASOSASYON NG PAMBANSANG LUPON NG MGA PAARALAN

Pakikitungo sa mga Legal na Usapin tungkol sa Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlang Kasarian, 2004

U.S. DEPARTAMENTO NG EDUKASYON, OPISINA NG PUBLIKASYON SA KARAPATANG SIBIL

Liham sa mga Kasamahan: Tagapag-ugnay ng Pamagat IX, Abril 2015

Liham sa mga Kasamahan: Panghaharas at Pambubulas, Oktubre 2010

Abiso sa Pagbabawal sa Diskriminasyon, Enero 1999

MGA WEB SITES

CSBA: <http://www.csba.org>

Departamento ng Edukasyon ng California: <http://www.cde.ca.gov>

Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan sa California: <http://www.casafeschools.org>

Sentro ng Unang Susog: <http://www.firstamendmentcenter.org>

Asosasyon ng Pambansang Lupon ng mga Paaralan: <http://www.nsba.org>

U.S. Departamento ng Edukasyon, Opisina ng Karapatang Sibil: <http://www.ed.gov/about/offices/list/ocr>

Epektibo: Oktubre 1, 2017  
Nirebisa: Hulyo 25, 2018; Marso 5, 2019